ABISO NG PAGTATAPOS NG EMERHENSIYANG MGA PROTEKSYON NG MAMIMILI SIMULA OKTUBRE 1, 2021

Alinsunod sa Resolusyon M-4849 ng Komisyon ng Pampublikong Palingkurang-bayan ng California, ang Emerhensiyang mga Proteksyon ng Mamimili na ipinatupad bilang tugon sa COVID-19 ay magtatapos sa Setyembre 30, 2021.

Paano ka maaapektuhan nito?

Noong Marso 2020, sinuspinde ng San Gabriel Valley Water Company (SGVWC) ang pagkokolekta ng mga deposito at mga singil sa muling pagkonekta, pati na rin ang muling pagpapatunay ng pagpapatala sa progamang Alternatibong mga Singil sa Tubig ng California (CARW, California Alternative Rates for Water). Simula Oktubre 1, 2021, maaaring ipagpatuloy ng SGVWC ang mga gawaing ito.

Simula Oktubre 1, 2021, ang mga mamimili ay maaaring singilin ng maibabalik na deposito upang magtatag ng kreditong katumbas sa dalawang beses ng tinatayang karampatang buwanang singil. Maaari ring maningil ang SGVWC ng $25.00 para sa muling pagkonekta ng serbisyo sa loob ng mga oras ng trabaho, o $40.00 para sa muling pagkonekta ng serbisyo sa labas ng mga oras ng trabaho.

Simula Oktubre 1, 2021, ang mga nakatala sa programang CARW ay dapat ding muling magpatunay ng kanilang pagpapatala sa programa bawat dalawang taon. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagsumite ng aplikasyon sa programang CARW (makikita rito) nang direkta sa SGVWC, o sa pamamagitan ng pagpapanatili ng pagpapatala sa programang Alternatibong mga Singil para sa Enerhiya ng California (CARE, California Alternative Rates for Energy (CARE) sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa enerhiya.